

TANGANGLAWIN

Ang Opisyal na Pahayagang Pang-Tanga ng Pamantasang Arreneow de Manila

TAMPOK

MABUTING BALITA: TUITION NG ARTENISTA, BABABA

ni CAM BING ANN; kuha ni BELGIAN WAFFLE



Loyolo Schools, Pamantasang Arreneow de Manila, Lungsod Quizon – Bunga ng mga pagbabagong gagawin sa mga gusaling PLDT-CT!C o "Phil. Long Distance Transportation- Connected Tayo! Center," at Just Graduate - School of Menagerie(JGSOMe) kasalukuyan itong hindi magagamit para sa mga klase. Kaugnay nito, naging maugong ang mga tanong ukol sa pagsesegurong may pinupuntahang makabuluhan ang bawat sentimong ibinabayad ng bigtime na mga magulang ng mga Artenista. Kaya naman, kamakaila'y naglabas ng memo ang Administrasyon ukol sa pagbaba ng matrikula ng mga Artenista, bunga ng kabawasan sa mga pasilidad na kanilang magagamit ngayong semestre.

Ayon sa Accounting Office, bababa nang mahigit sa 20% ang kabuuang LS Tuition Fee.* Bababa rin ang iba't ibang bayaring kaugnay ng aklatan tulad ng: Library Fee, Library Energy Fee,Library Books Fee, Library Events Fee, Library Chairs Maintenance Fee, Librarians Snacks Fee, at Librarians Retreat During Undergraduate Students' Finals Week Fee, sapagkat hindi magagamit ng mga mag-aaral ang pangalawang palapag ng Mattheu Ricky Hall na kasalukuyang lilipatan ng mga Kagawaran ng School of Menagerie (SOMe).

Ayon sa isang guro mula sa SOMe, "Magsisimula ang construction sa Enero. Tatagal yata ito ng pitong buwan? Hindi pa rin sure though, baka kasi abutin pa ng mas matagal. Bonggang-bongga kasi ang gusto nilang renovations." Ani ng isang faculty mula sa SOMe department.

Aniya, magkakaroon ng karagdagang tatlong palapag ang CT!C. Hindi lamang iyon, fully air-conditioned din ang lahat ng kuwarto. Narinig na raw kasi ang ilang dekada nang hinaing ng mga Artenista para sa air-conditioned na mga classroom, at sa wakas ay sinipag na silang paunlakan ito.

Napabalitang magkakaroon din ng

TUNGKOL SA TANGANGLAWIN

Ang **Tanganglawin** ang nagsisilbing lampoon isyu ng Matanglawin, Opisyal na Pahayagan ng Pamantasang Ateneo de Manila, kada taon. Sa pamamagitan ng pagpapatawa, pangungutya at satirikong pamamahayag, tinatangka ng Tanganglawin na maglahad ng kakaibang pagtalakay ng mga isyu sa loob at labas ng pamantasan. Nais linawin ng Pamunuan ng Matanglawin na ang mga artikulong nakalimbag sa isyung ito ay pawang kathang-isip at satirikal lamang. Ang anomang pagkakapareho o pagkakahawig ng mga pangalan sa sinomang totoong tao, grupo, o alinmang bagay ay isang aksidente lamang.

The TRap

December 1, 2014 06:09 AM

YOUR LIFE IN 10

1 CHACHA NI PENOY
Pag-indayog sa Cha-Cha, bagong kinahuhumalingan ng Pasimuno ng bansa

2 #HUSTISYA
Binay piggery, natalo bilang pinakamalaking piggery sa Feelipeens; Puwesto, nakuha ng Tongreso

3 (MEDYO) SHOWBIZ
Sec. Abad Boy, dinumog matapos magbigay ng talk sa isang unibersidad

4 #TERRORDEMANILA
Pagpapataas ng monumento ni Risal, bilang sagot sa epal na condominium

5 FLYING MRT
Mula sa aksidente, naging isang inobasyon

6 IT'S BIKING TIME!
Biking culture, nauso sa Arreneow; nakatulong sa pagbawas ng trapik!

7 #BAGINISM/BAGOLOGY
Pananakop ng mga bag sa Arreneow. Mga estudyante, umalma!

8 #WINNER
Kebabrz, itinaob ang Jalibi at Makdoh sa patuloy nitong pag-angat sa merkado

9 WEATHER REPORT
Arreneow, Hindi Magsususpinde ng Klase; PAASA, Magbabago ng Sistema

10 #PAKNAPAK
Pipol's Chomp Mani Puckyow, opisyal na worldwide boxing champion at tonggresman na, Pee-Bee-Eyy player at coach pa!

Filipinas, Nangunguna... May Flying MRT na!

isinulat at sining ni Chupalpalerang Charaughtera

MAYNILA – Kasunod ng mga inobasyong nagaganap sa iba't ibang parte ng globo, umarangkada naman ang Filipinas sa larangan ng transportasyon.

Sa pagtitipong kinilala bilang "Lipad Filipinas," inilunsad ng Department of Transporting at iba pang Chorva (DOTC) si Super Inggo, ang kauna-unahang flying train sa buong mundo. Si Super Inggo ay matatagpuan sa unahan ng linya ng mga tren sa MRT Line 3, biyaheng North Avenue hanggang Taft Avenue. Tinatayang kaya nitong lumipad ng 50 km/hr at kayang umikot ng limang beses sa ruta nito.


Ayon kay DOTC Chair na si G. Dong Abay-a, nakikita niya itong magandang simulain upang mas maging maayos ang takbo ng komersiyo at ng kalakalan sa bansa. Aniya, "Malayo ang mararating ng Filipinas dahil kay Super Inggo. Sa paglipad natin sa alapaap, tiyak na gayon din ang paglipad ng GDP natin sa mga susunod na taon."

Sa paglulunsad nito, sinimulan ni Super Inggo ang seremonya sa pamamagitan ng paglabas sa riles nito at paglipad tungo sa mga kalsada. Pagbabahagi ng ilan sa mga pasahero sa unang paglipad ng tren, "Masaya. Exciting. At least hindi na boring 'yong mga biyahe namin araw-araw. Sana hindi lang sa MRT Line 3."

Simula pa lang daw ito. Sa mga susunod na taon, balak maglabas ng kagawaran ng iba pang kagaya ng naturang tren na mas malayo pa ang nakikitang mararating. "Susunud-sunurin na namin yan. Kung magiging maayos ang lipad ni Super Inggo, paliliparin na rin namin sina Krystala, ZsaZsa Zaturnah, at Darna. Tantiya namin, makaaabot na ang mga ito sa Visayas at Mindanao." Dagdag pa ng Chairman, "Pero pinaka-excited ako para sa Super Twins. Hindi na kasi nila kailangan ng kuryente. Kailangan na lang, kapangyarihan ng araw. Tipid, 'di ba?"

Sa kasalukuyan, balak na raw gawing tradisyon ng DOTC ang paglabas ng mga tren mula sa kanilang riles sa tuwing paliliparin ang mga ito. Ito na ang susundan ng mga ilulunsad pang tren sa mga susunod na taon.

"Natuwa kasi kami sa simbolismo. Kumbaga, parang kumakawala tayo sa hawlang nagkukulong sa potensiyal nating umunlad. Dito, parang sinasabi nating 'Aba, larga na kung larga! Lipad Filipinas!'" Dagdag pa ng Chairman na may halong kindat, "Malayo ang mararating ng bansa natin. Wait lang kayo."



FLYING MRT. Inilunsad na ang kauna-unahang lumilipad na tren sa Filipinas. ""Susunud-sunurin na namin yan. Kung magiging maayos ang lipad ni Super Inggo, palilipa-rin na rin namin sina Krystala, ZsaZsa Zaturnah, at Darna," pangako ni G. Dong Abay-a, Chairman ng Department of Transporting at iba pang Chorva (DOTC).

Sec. Abad Boy, dinumog ng fans; Prusisyon naging tila sa Poong Nazareno

ni Obama Selph

DILIMAN, QUEZON CITY – Nagkaroon ng gulo sa pagbisita ni Department of Beauty and Madness (DBM) Secretary Bush Abad Boy kamakailan sa Unibersidad ng Feelipinas. Hindi inaasahang pagkalabas niya mula sa isang conference, magkakaroon agad ng prusisyong susunod sa kanya. Hindi magkandaugaga ang mga estudyante nang malamang binisita sila ng kilalang personalidad.

Sa isang kumakalat na video, makikita na kalalabas pa lamang ni Sec. Abad Boy mula sa isang forum tungkol sa budget ng pamahalaan para sa pagpapaganda at kabaliwan, nang nagsimulang lumapit ang mga estudyante. Nakadamit maroon na may larawang dilaw ng DBM secretary ang mga ito. Nagsimula ang gulo nang batuhin si Abad Boy ng puting tela ng mga nagmistulang deboto.

Bawal at Banal

"Hindi maaari 'yong ginawa nila! Nakakahiya kay Sir Abad Boy. Dapat nagpamisa na lang sila, para medyo civilized." Ito ang pahayag ng isang propesor sa College of Economics matapos ang kaguluhan. Ayon sa kanya, dapat raw ay kumuha muna ng permit ang mga estudyante bago isinagawa ang prusisyon. Dahil walang permit, kinilala bilang ilegal na rali ang kanilang ginawa.

"Imposible naman 'yun. Biro mo kailangan pang kumuha ng permit sa Office of Admin Services (OAS), Office of Activities of the Students (OAS), Office of the Active Sinners (OAS), Office of Amazing Signs (OAS), Office of Aim & Style (OAS), at sa singkuwenta pang mga OAS na opisina." Ito naman ang sagot ng Association for Addition, Subtraction, Multiplication and Advertising (ADSMA), opisyal na student organizer ng prusisyon. Hindi nga raw sila sigurado kung opisina talaga ang lahat ng mga nabanggit.

Biglaan naman kasi ang nangyaring prusisyon. Ayon sa mga saksi, may sumigaw na lang daw bigla na may paparating na kristo. Nang makita nila ito, nagsimula na ang batuhan ng mga panyo at telang puti na pinagpasa-pasahan para ipunas kay Sec. Abad Boy.

"Akala ko kasi parang prusisyon 'to sa Quiapo. So, binato ko yung panwelo ko. E 'di ko namang inaasahang sa mukha [ni Sec. Bush] tatama,"depensa ni Gatsby 'd Scholar, isa sa mga estudyanteng nahuli pagkatapos ng prusisyon. Kabilang siya sa samahang STAND UPTOWN,na naglalayong ipalaganap ang kabanalan sa gobyerno.

Filipino Values

Ipinapahiwatig raw ng prusisyong naganap ang walang-humpay na pananalig at pagsamba ng mga estudyante sa makalangit na tuwid na daang ipinatutupad ng pamahalaang Aqui-know.

Gayunman, para sa mga propesor, hindi raw maganda ang shenanigan na parang shindig na ipinakita ng mga estudyante."Para silang hooligans na hindi nakapag-aral sa kolehiyo!"

Pinaninindigan naman ng STAND UPTOWN na karapatan ng mga mag-aaral na magsanay ng kanilang pananampalataya at values sa loob ng UFeels. Maaring hindi lamang daw nagustuhan ng mga propesor ang kanilang prusisyon dahil hindi sila naimbitahan sa nasabing kaganapan.

"Mga echoserang frog! Dapat bumili sila ng ticket nung nag-sale yung ADSMA," sagot ni Honesto Binay, isa sa mga estudyante sa prusisyon.

Natapos ang prusisyon at ang kaguluhan sa awiting Pananagutan ni Gary V.

Tuition ng Artenista...

mula pahina 1

Olympic-sized swimming pool ang roofdeck ng nasabing gusali. "We just want the best for the premier staff and students,'diba?"lahad naman ng dekano ng SOMe na si Dr. Dear Wagyu. Dagdag pa niya, "Alam naman nating sobrang dami ng estudyante lalo na yung mula sa SOMe, na nangangailangang magpalamig mula sa hell weeks. Masyadong hassle kung kailangan pa nilang maglakad papuntang CovCourters, kaya dito na lang."

Nitong mga nakaraang taon, kitang-kita naman natin ang mga pagbabagong nagawa sa Arteneo. Mula sa "Paint Job" ng Fara Hall, PPAC at pagsasagawa ng footbridge sa pagitan ng SECC-Walk at Goonz Saga Cafeteria. Samantala, inaabot pa rin ng ilang oras bago makaakyat-baba ang elevator sa isang gusaling itatago na lamang natin sa pangalang MTV-CXL (walang meaning, pseudonym lang). Madalas pa nga, ilang minuto kang maghihintay sa basement at pagkatapos at masisira ang elevator sa mismong harapan mo. Puno nga naman ang mundo ng mga paasang ta— este, bagay. (Silver lining: At least, wala ka sa loob.)

Iba-iba naman ang reaksyon ng mga mag-aaral at guro sa renovations na ito:

Paano na ang mga group chika namin?! Wala na ang Matthu Ricki second floor!
– SUS student

Ok lang yan. Basta wag nilang kukunin ang Risal Lib as faculty rooms. Need my MOMOL space.
– Boy Bastos

Pwede na rin ba kaming mag pizza sa fifth floor ng Risal Library?
– laging gutomna student

But my study hall is Mattheu Ricki?! Paano na yan?
– the Stud-ious kid

Uhm…. Bawal na bang mag-short-shorts sa Mattheu?
– Cute, Kikay student

Dadagdagan na naman ba ang red bricks.
– Clueless.

So… 'yong Fara Hall at PPAC paint job lang, tapos sa CT!C at SOMe bonggang renovations?!? NASAAN ANG KATARUNGAN.
– SOMe student hater

Lorrrrddd patawadddd, Lorrrdd patawad…
- Awit ng mga estranded POS students sa elevator ng Leong Hall

Cool talaga ng SOMe students bro.
– SOMe Student

Gusto naming ng walkalator mula CT!C hanggang Bellarmyn.
– Artenistang mabagal/tamad maglakad

Uhm, so… hi?
– SOH student

I don't really care if the tuition goes up or down. Kaya ko naman i-pay. This is just for those poor and mahirap students.
–Stereotype Artenista

They should add nga more tuition for our basketball team. Lagi na lang talo…need for funding for imports. Kaya tayo natatalo sa mga paliga teams ng SoMe other schools eh.
– the bitter UAAP fan

Bakit 'di nalang natin tanggalin yung publication fees? We don't make basa them naman.
– mortal enemy


Galing talaga ng Tanga!
– TrueTanga

Inaasahan namang sa pagtatapos ng renovations ng CT!C at SOMe ay muling tataas ang matrikula sa Arteneo. "Bahala kayo d'yan, graduate na kami," and emosyonal at mapagkalingang komento ng isang 7th-year-and-proud SOMe student.

*Sa kasamaang palad, hindi naibahagi sa The Tanganglawin ang eksaktong halaga ng ibababa ng matrikulas. Tumunog kasi ang 4:50

Torete de Manila, Naungusan: Monumento ni Rizal, Tinaasan!

isinulat at sining ni Doctor Outoflove



MAYNILA, FEELIPEENS – Kasunod ng kontrobersiyal na pagtatayo ng pinakabagong one-tower condominium mula sa DMXI Homes, ang Torete de Manila, dinagdagan naman ng walong daang talampakan na estante ang monumento ni Risal sa Looneta Park, Lungsod ng Maynila.

"Nakakadismaya naman po talagang nawawala 'yong atensiyon sa monumento," pagbabahagi ng guwardiyang nakatambay sa tabi ng monumento 24-oras.

Dahil kilala ang mga Feelipino bilang pinaka-hospitableng mga tao sa buong mundo, nabahala ang gobyerno nang makatanggap sila ng napakaraming reklamo ukol sa pagiging "photobomber" ng nasabing itinatayong gusali sa tuwing nais nilang magpaka-cultured at mag-selfie kasama ang Pambansang Bayani ng Feelipinas. Lahad pa ng isang tambay sa Looneta, "Eh, epal din sa pagbibigay-pugay sa pambansang bayani 'yang bilding na'yan eh. Saka, pangmayaman na naman 'yan. Wala na ngang pakinabang sa mahihirap, nakasisira pa ng kultura. Hay nako."

Ang iniulat na Torete de Manila (TdM) na may taas na 460 na palapag ay sinimulang itayo nang magsimula ang taong 2014. Layon nitong magbigay-tahanan sa mga sawi sa pag-ibig at lagi na lamang torete sa kanilang minamahal, na siyempre'y may pambayad ng room-for-two (kahit isa lamang ang maaaring tumira) at iba pang amenities na maihahandog ng condominium. Ayon sa DMXI, "They say you can't buy love, but you can buy the next best thing- a Torete de Manila condominium. ;)"

Dahil nga "epal" sa litrato ng mga turista ang TdM, tulong-tulong na gumawa ng estanteng gawa sa coco lumber* ang Most of Maynila Directions Authority (MMDA), mga istambay, lakwatsero, at iba't ibang NGO at mass media upang isalba ang nanganganib na cultural heritage. Bunga nito, sa loob lamang ng ilang oras ay naitayo ang estante, nabuhat si Risal at naipatong dito. Sa ngayon, solb na ang problema dahil muli nang mas mataas ang Pambansang Bayani kaysa sa Torete de Manila, at mukhang matatagalan pa bago mapantayan man lamang ng anomang construction company ang idinagdag na 800 talampakan.

"Actually, pinag-isipan din naming lagyan na lang siya ng mahabang sombrero, para mas madali. O kaya, antenna. Kaso alam mo naman ang mga Feelipino, we love challenges. Kaya pinush naming estante talaga," pahayag ni MMDA Chairman Franchiz Too-Late-To-Know. "Nakatutuwa talaga dahil nakapag-demonstrate kami ng isang uri ng modern Bayanihan. At siyempre para 'yon sa mga dayuhang bumibisita sa ating bayan. Sila ang aming laging top priority."

Pag-indayog sa Cha-cha, Bagong Kinahuhumalingan ni Penoy

ni Lou Tang; sining ni Benadryl Cabbagepatch

MALA-KENYANG, FEELIPEENS - "I am keeping my doors open. If that's what people want, then we'll look into the possibility [Pinananatili kong bukas ang pintuan ko. Kung iyan ang gusto ng mga tao, pag-aaralan natin iyan.]" Ito ang mga pahayag ni Penoy sa usap-usapang kakaririn na raw niya ang pagsasayaw. "I think it's timenuh that my brother Penoy venture into something else. He needs exercise to befit noh? I constantly invite him nga sa Zoom-buh sessions namin with Dahr-luh and Behbeh Joss. Who knows baka magkaroon siya ng abs like Papa Direk Ram Say?" sambit naman ng kanyang sis na si Khrissy Aqui-Know na nahihilig ngayon sa Zoom-buh, isang dance exercise.

Pati ang madla ay tila natutuwa sa kaganapang ito sa buhay ni Penoy. Ayon kay Ben Tumbling, isang tambay sa kalye sa Katipunan Avenue, "Kailangan 'yan (pagsasayaw) ni Penoy. Halata na ang stress sa aura niya. Magandang exercise 'yang pagsasayaw para gumanda ang katawan niya. Medyo nakikita ko nang popogi si Penoy, magkakaroon ng abs, muss-kels at blooming na skin. Hindi na ako makapaghintay na makita ang [pagbabago] niya." Samantala, iginiit naman ni President Gunduhhh, matalik na kaibigan ni Khrissy, magiging lapitin daw ng sangkabekihan at sangkababaihan si Penoy kapag nagkataon. Tataas ang sex appeal niya kapag nakita siyang sumayaw ng mga tao. Kapag nangyari iyon, ang masasabi na lamang daw ni Penoy sa mga babaeng na-link sa kanya dati ay "boom panes, boom boom panes panes!" giit ni Gunduhhh.

Hanggang ngayon ay hindi pa nagbibigay ng official statement si Penoy tungkol sa diumanong bagong kinahihiligan niya. Ngunit ayon sa isang impormante, talagang sineseryoso raw ni Penoy ang pagsasayaw. Naaral na raw nito ang rhumba, tango at swing. Ngunit sa lahat ng sayaw, pinakapaborito raw ni Penoy ang cha-cha. Nagpaturo pa nga raw ito kay Ateng Bulinggit Rey SameyBihon, ng Heat Boo-laguh, upang mas humusay siya sa naturang sayaw. "Mag-chacha with a smiling face" nga raw ang peg ngayon ng Pasimuno ng bansa. Ayon pa sa impormante, na isang kawani sa Mala-Kenyang, ang opisyal na residence ni Penoy, madalas niya raw itong nakikitang sumasayaw ng cha-cha sa saliw ng tugtog na "One Way Or Another" ng Juan Day Rex Yun. "One way, or another. I'm gonna find you, I'm gonna getcha getcha getcha getcha." Hindi niya tiyak kung para kanino ang kanta.

Pero ayon sa mga kuro-kuro, pasaring raw ito kay BengBeng Marrcause, katunggali sa sayawan dati ng ama ni Penoy.

Ayon sa isang boom-boom pawlitikal scientist, maaaring ginagawa raw ni Penoy ang pagsasayaw ng chacha upang maunsyami ang pagkandidato ni BengBeng Marrcause sa pagkapasimuno sa taong 2016. 'Pag nagustuhan aniya ng mga tao ang pagcha-chacha ni Penoy, baka mahumaling ang mga tao sa kapogian niya at humaba ang panunungkulan nito sa pamahalaan. Matatandaang pagsayaw din ng chacha ang ginamit ng ama ni BengBeng dati upang humaba ang termino nito, dahilan upang maipatupad ang Martian Law, na pinahintulutan ang pagpasok ng mga Martian sa bansa upang disiplinahin ang mga tao. Kaya ang tanong ng ilang mga boom-boom pawlitikal analyst, gagamitin ba ni Penoy ang kapogian niya at ang pagsasayaw ng chacha para ulitin ang nakaraan? Makagaganti na ba siya kay BengBeng sa mga naging pasakit ng pamilya nito sa kanya?

Samantala, ayon sa mga tagasuporta ni BengBeng, huwag raw pasisiguro si Penoy dahil kayang-kaya siyang labanan sa sayawan ni BengBeng. Kung gusto nga raw ni Penoy, maglaban na lang sila sa isang dance showdown. Ang piyesa niya: hiphop version ng BengBeng ni Sexy J and Friends.



Binoy Piggery, Natalo Bilang Pinakamalaking Babuyan sa Pilipinas
Puwesto Muling Nakuha Ng Tongreso

ni Sinagtala

ROSA RIO RESORT, BATANGAS - Hindi lingid sa kaalaman ng lahat, maliban na lamang ng mga elitistang hindi nanonood ng telebisyon o di kaya'y walang panahon para sa mga balitang tungkol sa bansa at lipunan, ang mga isyung kasalukuyang kinahaharap ng pangalawang pangulo ng bansa na si Bise-Presidente Jojomar Binoy. Kabilang na rito ang diumano'y pagmamay-ari ng 350-ektaryang lupa sa Batangas, kung saan matatagpuan ang ilang mansiyon, swimming pools, maze garden, man-made lagoon, at ang star attraction- ang 100% sanitary at air-conditioned piggery kung saan pinalalaki at pinatataba ang mga baboy na pambenta sa merkado.

Ayon kay Chris Anton Tiu, isang businessman na suma-sideline bilang tagalinis ng babuyan ni Binoy, sadyang malinis at air-conditioned ang estruktura upang masigurong hindi makalalanghap ng anomang mabahong amoy ang pamilya Binoy sa kanilang mansiyon. Dagdag pa rito, eksklusibon rin daw na ginagamit sa paggawa ng young pork tocino ang kanilang mga baboy. Buong pagmamalaking idineklara ni Binoy na ang kanyang aircon piggery ang pinakamalinis, pinaka-posh, at pinakamalaking babuyan sa bansa.

Tunggalian ng Babuyan

Umalma naman dito ang ilang politiko, kabilang na ang Senador na si Antoine Trillones LX. Aniya, "Hindi iyon maaari! Ang Tongreso lamang ang maaaring maging pinaka-posh at pinakamalaking babuyan sa Pilipinas!" Bunga nito, agad-agad na sumugod si Trillones sa nasabing Hacienda Binoy, upang mapatunayang mali ang oportunistang papuri ni Binoy sa kanyang babuyan.

Patuloy na uminit ang alitan ng dalawa sa harap ng kamera (hindi sila makapag-iskedyul ng pag-uusap ng harapan sapagkat puno na ng media interbyu ang kanilang oras), hanggang umabot sa puntong hinamon ni Binoy si Trillones LX sa isang debate. Dagdag pa ni Binoy, "Kailangang naroon lahat ng media sa buong bansa. Hindi kami sanay magsalita ng walang kamerang nakatutok sa bawat anggulo. Baka kami mautal."

Buong-puso namang tinanggap ni Trillones ang imbitasyon, sa isa na namang sesyon ng media interbyu. Bilang patikim, ani Trillones, "Napanood n'yo ba noong State of the National Bukstore Address ng pangulo, kung gaanong karingal ang bihis ng mga tao, este, baboy sa Tongreso? May mas po-posh pa ba roon?" Dagdag pang pasaring ng senador, "Eh 'yong anak n'yang Binoy na 'yan, ano ang isinuot, 'yong lumapag na hot air balloon mula sa Pampanga!! Paano nila masasabing mas malaki at mas posh ang babuyan nila, kung diyamante para sa costume, hindi sila makabili!!"

Sulong-Urong

Gayunman, nang mabalitaang nadamay na sa isyu ang kanyang inosenteng anak, ay isa lamang ang naging sagot ni Bise Presidente Binoy, "Ayaw ko na."

Paliwanag ni Binoy, "Walang alam 'yang anak ko sa mga ganyan. Eh sa politika nga, wala siyang alam eh, sa pagpili pa kaya ng tamang costume? Ano bang ine-expect nila??!?!" Puno ng sama ng loob ang hinaing ng pangalawang pangulo. "Edi sa kanila na 'yang pinakamalaki at pinaka-posh na babuyan na titulo na 'yan. Ano ba'yan, pangalan lang naman 'yan!! 'Yong lupa ko nga sa Batangas hindi ko muna ipinangalan sa akin, para walang butas eh." Isang pangako naman ang kanyang binitiwan bago matapos ang interbyu, "Mula ngayon, hindi na sila maaaring bumili ng young pork tocino! Kahit kailan!"

Babuyan Islands, Umalma

Bilang karagdagang ulat, umalma rin ang Babuyan Islands sa isyu ng pagiging pinakamalaki at pinaka-posh na babuyan, subalit walang may pakialam sa saloobin nito.

EDITORYAL

Haixt Baket Challenge

ni Benadryl Cabbagepatch

Minsan, kapag ako ay nabibigatan sa daan-daang problema ko sa pagpipili kung alin sa isandaang pares ko ng boat shoes ang mas babagay sa aking nakatuping designer shorts at mamahaling shaved legs, nagpapanggap ako bilang mahirap.

Akala n'yo siguro na sobrang dali maging mayaman. Hindi! Kayo kaya ang mabuhay na kailangan mo pang lumangoy sa gabundok na designer t-shirts para malaman kung alin ang mas baktong sa araw na iyon; o kaya pumili kung aling sasakyan ang mas cool dalhin sa school; o mag-utos sa isang batalyong mga yaya para lang maging perfect ang killer looks ko. Minsan umaapaw na ang stress levels ko sa kay-raming beses na magkamali ang barista sa pagbigkas ng aking pangalan, o kung di aabot sa sampung tupi ang shorts ko para makita ang aking pina-Belo na maputing singit, o kaya kulang ang pagligo ko sa pabangong nangangamoy na nabubulok na kilikili ng arabong may hydrophobia. At sa tuwing nangyayari iyon, saka ko pinagpapantasyahan ang aking sarili bilang isang mahirap!


Being a mahirap is such a magical place! Aakalain mo bang wala ka na ngang tulong na naiaambag sa kaunlaran ng iyong bansa, ngunit gumagastos pa rin ang mga private at iilang government organizations para mapakain ka? How I would love to live that life! Sana Makita ng mga mahihirap kung gaano sila kaswerte sa kanilang lagay –isipin mo kaya na kahit tatambay ka lang sa bahay mo at wala kang gagawin, just being a tamad and all, hahanapan ka ng hanapbuhay ng gobyerno at ng mga NGO. Nukod pa roon, kapag nagsawa ka na sa tinitirahan mong bahay, isang demolition job lang at magpapatayo na nga sila ng bahay para sa iyo na may mountainside view na, libre pa! Sobrang swerte mo talaga!

More than having an ever loving government that is constantly caring for them, ang ganda rin ng pagka-portray ng mga mahihirap sa ating mga pelikulas and soap operas. Nakita mo na ba kung paano nila inilalahad ang mga mayayaman? Palagi silang mga magagandang mga kontrabida na ang tanging hangarin sa buhay ay ang magselos at gawing impyerno ang buhay ng bida! Who would want that? But look at the mahihiraps found within these shows; ampuputi! Daig pa ang aming balat na ilang beses nang binelt-sander para lang magkaroon ng smooth and fair skin. At ang kanilang mga mukha, parang mga santang hulog ng langit!

Beyond the soaps and mainstream movies, ang mga mahihirap rin ang palaging pinagtutuunan ng pansin ng mga pelikulang indie na pround na proud nating ipinagmamayabang na nakapasok sa Cannes Film Festival. Ever since time immemorial, palagi nilang pinapakita sa mga indie films yung mga batang naglalaro sa tubig, mga naliligo sa estero, mga kumakain ng basura. Isipin mo, wala na nga silang ibang gawin kundi mabuhay sa dumi pero mas nakaraming feature pa sila sa mga pelikulang indie! Parang reality TV lang. Mas eventful pa nga ang kanilang mga buhay kaysa mga Goth-Thereesez; you don't see these pampered celebrities gleefully dive into a festering sewer that is full of shit. It takes more guts to be a mahirap, international audience pa ang mga manonood mo!

Ultimately, yung pinaka-gusto kong aspeto bilang isang mahirap ay ang pagiging ignorante. Ignorance is bliss, ika nga nila. Oh what bliss it would be; binibili ang iyong pagiging ignorante ng mga politiko, o ginagawang aliwan ng masang nanonood ng mga variety shows. Hindi mo rin matatawag na exploitation iyon sapagkat, kahit na harap-harapang aaminin ng mga politiko o ng mga producers ng mga noontime shows na 'yan na pinagkakakitaan lamang nila ang mga mahihirap, sasang-ayon pa rin sila willingly dahil na rin sa kanilang pagiging ignorante.

Sa ngayon, kahit na thankful ako for being a rich kid, namamangha pa rin ako sa mga mahihirap. Isipin mo na lang na kaya pa nilang magpatuloy at maging meaningful ang kanilang mga buhay kahit na wala silang masyadong material na pagmamay-ari at palagi pa silang pinagkakakitaan. Talagang isa itong truly amazing at life changing experience na dapat maranasan nang kahit isang beses man lang ng mga kapwa kong mayayaman.




sining ni The Leo, The Witch and the Wardrobe

Kung Bakit Mas Okay Pang Maging Baboy Sa Piggery ni Binoy Kaysa Maging Estudyante ng Arreneow

The Love-a-Knows

SINAGTALA
potatoesgonnapotate@
tanganglawin.arreneow.edu



Kung estudyante kang napadaan sa magazine stand, na-curious sa nilalaman ng diyariyong ito, bumuklat at ngayo'y dinadaanan ang artikulong ito; at kung mayroon kang kahit kaunting nalalaman tungkol sa isyung kasalukuyang nagdiriin kay Pangalawang Pangulo Jojomar Binoy ngayon; malamang alam mo na ang sagot sa tanong na iyan. Pero bibitinin kita.

Sa Arreneow, ilang taon kang maghihirap. Mapupuyat (sa kalalaro ng LoL, o kaka-party), mahihirapang gumising kinabukasan (dahil sa hangover, o dahil di ka natulog), masasawi (eh bakit nga ba kasi hindi ka crush ng crush mo?!?), maaasar sa groupmates ("Can't they understand that I have a life, too? UGH so many meetings."), mamamatay sa requirements ("This 20-page research paper is due tomorrow??!!!??? Kailan 'to in-announce!!" "Uhm, every meeting?" #En12Woes), mapapagod sa kalalakad (bakit ba kasi walang walk-a-lator mula SOMe papuntang CT!C? Ugh, so hassle.), at kung ano-ano pang mga paghihirap.

Sa piggery ni Binoy, alagang-alaga ka. Hindi mo kailangang gumalaw mula sa kulungan mong halos wala rin namang space, dahil dadalhin na nilang lahat ng kailangan mo- pagkain, inumin, toothbrush, dental floss, latest iMax movie, you name it! Sino pa bang kakailanganing i-stretch man lang ang mga kamay at paa, kung ganito naman di'ba?

Sa Arreneow, puwera na lang kung Valedictorian ka, o di kaya anak ng mayor o presidente, laging walang-kasiguraduhan ang hinaharap. Tapos, sasabihin pa sa'yo ni Buechner na "Go where your deepest desires and the world's deepest hungers meet." Eh, letse na lang di'ba! Saan mo hahanapin 'yon? Kaya ba 'yon ng Waze o Google Maps?!?

Sa piggery ni Binoy, sperm ka pa lang na buong-ingat na ini-incubate sa isang temperature-controlled room, sigurado na ang kapupuntahan mo- ang pagiging young pork tocino! Siguradong sa mayayamang hapag ka lamang mapupunta dahil de-klase yata ang produktong Binoy. Kung susuwertehin ka, baka mapili pa ang ilan sa mga laman-loob mo bilang bahagi ng kakainin ng pamilya Binoy sa kanilang hapag. Baka makain ka pa ng presidente!! (Kung sakaling bisita siya.)

Sa Arreneow, fourth/fifth year ka na, sawi ka pa rin. Makikita mo 'yong mga magsiyota sa paligid at mapapaisip ka, ano bang meron sa kanila?! Gusto mo silang batuhin ng paying, pero natatakot kang mahuli ng ADSSA (Associate Dean for Sawi Student Affairs). Iisipin mong mag-aaral ka na lang nang mabuti, pero pati roon, sawi ka pa rin.

Hayyy.

'Yong mga baboy sa piggery ni Binoy, pinagmamalaki at pinag-aagawan. Ayon sa karamihan, si Binoy ang may-ari.

Ayon naman kay Binoy, si Chris Anton Tiu ang siyang may-ari. Isa itong businessman na dating suma-sideline lamang bilang tagalinis ng babuyan. Subalit nang lumaki ang isyu, na-promote ito bilang may-ari at naipasa nang lahat ang dokumento ng pag-aari nang hindi napapansin ng madla. Pakli naman ng Juan Mig Light Corporation, sila ang namumuno ngayon at isang araw, bibilhin rin nila ang babuyan. Bakit pa pag-aawayan?

Pero 'yong pinakamatindi sa lahat? 'Yong reason above all reasons? 'Yong iniinda na ng mga Artenista mula pa noong pura lalaki (at medyo-lalaki) pa lamang ang nag-aaral sa paaralang ito? Bakit mas okay pang maging baboy sa piggery ni Binoy kaysa maging estudyante ng Arreneow?

May aircon sila.



Bags Take Over Arreneow

isinulat at sining ni Prinsipe ChupaChupeh

Mainit na isyu ngayon sa mga Artenista ang mabilis at patuloy na ebolusyon at pag-aadapt ng mga bag sa Arreneow De Manila University. Hindi na lang sila umookupa ng espasyo at mga upuan, nagsasalita at nagkakaisa na rin sila. Isa-isa nang nakikisali ang mga bag sa panibagong kilusang lumalaban para sa "Bag and Human Equality."

Kamakailan lang, nagprotesta sa kampus ang mga bag at naglunsad ng isang pride march. "We demand equality!" "No more bag-oppression!" "We can't stand this any longer… so we're taking your seats!" ang ilan sa nakalagay sa mga plackards nila.

Una itong napansin ang pagsisimula ng kilusan sa mga bag sa Mattheu Ricky. Ayon sa mga estudyante, tila nag-aalsa ang mga bag at humihingi na ng karapatan para sa espasyo sa mga upuan at pasilidad ng pamantasan.

Lumalaganap na ang isyu sa buong kampus, at mapapansing maging ang mga bag mula sa ibang gusali ay nakikisali na rin. Sa iba't ibang lugar na madalas tambayan at puntahan ng mga estudyante tulad ng Jay SEC, Goonz Saga Caf, at pati narin ang New at Old Risal Library ay nagiging hotspot narin para sa mga bag. Sa ngalan ng karapatan para sa espasyo, ayaw na ng mga bag na magpaupo ng mga estudyante.

Bag and Human Equality

Napapanahon ang isyung ito, lalo pa't dumarami na ang nakikipaglaban para sa social equality. Nag-interbyu kami ng ilang mga bag na sumusuporta sa adbokasiya ng kilusang ito, na itatago na lamang natin sa mga pangalang 'John Sport,' 'Rocky Sack,' 'Mr. Duffle' at 'Shan El.'

Ayon kay John Sport, "Hindi na muling papayag ma-opress ang mga bag sa Ateneo! Ang nais lang sana namin ay wala nang bag na maaapi pa sa buong mundo! We're through carrying your baggage around! We demand space, equal rights and opportunities!"

Matagal na raw si John Sport sa Ateneo, ngunit hindi na niya matitiis na ipinapatong-patong lang ang mga kauri niya sa karumihan ng sahig at tinatratong parang mga kagamitan lamang.

Si Shan-El naman, isang sikat na personalidad na nagpakilalang imported pa mula sa Paris, ay maluha-luha pang ibinahaging, "We're not just here to be your portable trash bins."


"We have feelings, too! Napupuno din kami!" Pahayag naman ni Rocky Sack, kontrobersiyal bilang kauna-unahang bag na nakitang may ka-date na estudyante ng ADMU. "Let us choose who we love and how we live our lives! Who said bags can't choose who they go out with? Injustice! We feel empty inside, too!" paghihisterya ni Rocky.

Bags at ang Lipunan

Ayon naman kay Mr. Duffle, isang bag ng estudiyanteng scholar na yamot nang laging naiiwan lamang sa sulok ng isang orgroom sa MVP-CXL buong araw, "We should get with the times—liberal and not old fashioned. We're in the modern world. 'Di na talaga tulad ng dati na tagadala nalang kami ng mga gamit—Oh the slavery driven savagery! People everywhere are expressing different social identities and not just identifying with stereotypes and labels. There are bags that are even being sensationalized in media. We're not just mere objects! We take up space! We matter!"

Kahit sa showbiz, mapapansing unti-unti na ring sumisikat ang mga bag sa madla. Isang halimbawa nito si Backpack, ang kinalakhan nating bag at loyal friend ni Dora.

Sinimulan na ring pag-aralan ng mga sociologist ang isyung ito, na binansagang "Baginism." Tumutukoy ito pagsasama at relasyon ng tao at bag sa mundo. Mayroon na ring pilosopiya tungkol dito na tinatawag na "Bagology," na umiikot sa sabay na pag-iral ng tao at bag. Ayon sa pilosopiyang ito. "Lahat tayo, bag. Lahat tayo may baggage. Ang tao at ang bag ay iisa. Kahit ang mundo at ang realidad ay isang malaking bag."



Sa kasalukuyan, nananatiling hiwalay pa ang opinyon ng marami ukol sa isyu. May mga estudyanteng sumusuporta sa "Bag and Human Equality," ngunit marami rin naman ang tutol. Ayon sa isang estudyante, "Hindi puwedeng magkaroon ng pantay na karapatan. Bakit, pumasa ba sila ng ACET?!?!" Ilang estudyante rin ang nagsampa ng petisyong humihinging pagbayarin na ng tuition ang mga bag na hayagang inaagawan ang mga estudyante sa paggamit ng mga pasilidad ng pamantasan.

Paggamit ng bike, patok sa mga Atenista

Dami ng kotse, bumaba

ni Pope Oy; sining ni Sweet Caroline

KATIPUNAN, LUNGSOD QUIZON –Bilang solusyon sa mabagal na usad ng trapiko sa kahabaan ng Katipunan sa oras ng pasukan at uwian, inilunsad ng Most of Maynila Directions Authority (MMDA) ang "Bayk-kadahan" para sa mga mag-aaral ng Pamantasang Arreneow de Manila.

Inanunsyo noong Oktubre 13, layon umano ng nasabing programa na mabawasan ang bilang ng sasakyan na pumapasok at lumalabas sa kampus, nang sa gayon ay humupa ang daloy ng trapiko lalo na tuwing rush hour.

"Bukod diyan, gusto kong mag-exercise ang mga Atenista. Sa pagpapatupad nito ay mababawasan din ang polusyon sa ating kapaligiran. Para rin sa kalusugan nating lahat ito," ani MMDA Chairman Franchiz Too-Late-To-Know.

Sa isinagawang test run ng nasabing programa noong nakaraang Oktubre, maraming Artenista ang tumangkilik sa Bayk-kadahan. Tinatayang pumalo sa tatlong mag-aaral ang humiram ng bisikleta sa mga itinayong bike stands, mas mataas sa inaasahang dalawa lamang ng MMDA.

"I was so curious kasi so I just had to try it out. You know, I never experienced riding a bike kasi, so when I saw the bike station, I asked my driver to drop me off at Regis na lang and make hiram na lang there. O 'diba, parang nasa Burnham Park lang!" bahagi ng karanasan ni Chrissy Abundat, isang senior AB Communications major.

"It was so fun! But I don't know how to use the bike talaga, so I just walked lang with the bike going to Ateneo. I asked my driver to bring the car to Leong na lang so that he could get the bike and return it to MMDA. But it was really fun, I swear!" dagdag pa ni Abundat.

Liban sa nakakatuwang karanasan ni Abundat na marahil ay nakabawas nga sa bilang ng sasakyan na pumapasok sa kampus, mayroon din naming nagbahagi ng pagkadismaya.

"Magaling talaga mag-isip ang MMDA. Hinihikayat nilang gumamit ng bike ang mga Artenista sa Katipunan, pero nasaan ang bike lane? Wala! Nasaan ang katarungan doon? Inaasahan ba nilang makikipagpatintero ako sa mga sasakyan?" bahagi ni Juan Cruz, isang junior.

"Magandang idea sana ito, pero sana, mas pinag-isipan pa nila ang implementasyon. Mas papatok siguro ito inalala pa rin ang kaligtasan ng mga gagamit nito," dagdag suhestyon ni Cruz sa MMDA.


Sambit naman ni Zeke Taguda, hindi siya kailanman gagamit ng bike na ipinahihiram ng MMDA.


"Man, I'll never use that shit. The bikes are so cheap looking, and when my friends see me using that, they'd think na naghihirap na ako! I'd rather bring my sports car to school na lang, kahit na nahihirapan akong i-park ito," paliwanag ni Taguda.

Sa kabila ng halo-halong reaksiyong natanggap, hindi natitinag ang MMDA sa pagpapatupad ng programa.

"Hinihikayat pa rin naming ang mga mag-aaral na patuloy na tangkilikin ang mga bisikleta ng MMDA. Libre naman ito, at sayang naman kung kakalawangin lang ito. Kapag hindi nadagdagan ang bilang ng mga gumagamit ng bike, lalo kong hahabaan ang tagal ng red light sa Gate 3 ng Arreneow upang lalong mapikon ang mga gumagamit ng sasakyan," pagbabanta ni Too-Late-To-Know.

Bilang pagtatapos, ayon sa Chairman, "Simple lang naman, mas kaunting kotse, mas walang traffic… kaya bike ang solusyon! Kapag tinangkilik itong paggamit ng bike sa Arreneow, paniguradong luluwag ang daloy ng trapiko sa Katipunan."




YOU ARE
BUT WHO A
The Ultimate 'Teni
in Finding Out If Where
is the Sulok Mong Takda s
Gaano kada
ang minsa
Depends sa dami
ng parties this year
Kahit minsan lang
sa 'kin para bang
walang katapusan
If you are referring to a
'moment in time,' it's
ninety seconds.
Does it look lik
I care?
What is
pag-ibig?
Soft as an easy chair.
Jeje ka, 'no?
0Bvi0Us PhowSz BuhH?
~ J3J3Ni$tuH ~
ka, umamin ka na.
Try mo ulit.
Hindi talaga?
Are you crazy? Hell no!
Come on, we
won't judge.
WEH, 'di nga?
Sumasaibayo! Transcendental.
If you are a
cactus, why?
You'll just get hurt
if you try to love me.
I'm not a cocktus.
Sure ka bang
Atenista ka?
Sex & Magic
What's your
favorite song?
Strict ba
parents mo?
ACHINESE-TA
ba you? Feel ko
great wall mo eh.
Hindi, halaman lang ako.
Yep! Kailangan mo pang
magpurchase ng wrecking ball
para lang makausap ako.
NERDINISTA
ka teh.
Pa-cool. Stop na,
please.
EDM. WOOHOO!
GO ADA!
Party Rock! <3
Coffee and Cigarettes
Yes. DUH.
Kilala mo ba
si Ate Alma?
Which do
you prefer?
Boat Sl
Folded S
NOW, I am sure na
'di ka Atenista.
No. HUDA WHAT?!

E HERE
ARE YOU?

sta Guide
e You are Now
sa Ilalim ng Araw

Kasi, makunat.

Mas sabaw ka pa sa sopas koya.

Why that, coconut?

Why not?

KASI I AM A STRONG INDEPENDENT BS ORG AND I DON'T NEED NO ACADS

Donya Santibanez ang peg? GEH.

MY ORG.

I like... don't work.

Sa puso mo. <3

las
n?

What daw? I like... don't get it.

Walang minsan if it's for you. :)

Ano ang stated workplace mo sa Facebook?

Sure kang Atenista ka? Paano ka nakakuha ng kopya nito?!

Ewan. Mukha bang alam ko?

ke

I think so.

Do you consider yourself to be an achiever?

Work. Meetings. Work? Work! Work. WORK!

What are coffee shops for?

Sleeping in HEHEHE

No.

Oo. Magis ako in all aspects pati love life.

Sure ka ba sa mga pinagsasasagot mo o high ka lang?

Networking.

Coffee and Cigarettes.

Nakapasok ka na ba in your pantulog?

EH DI IKAW NA.
You don't have to brag about it.

SO YOU'RE ONE OF THEM?! AABANGAN KA NAMIN SA GATE, BV KA!

HIPSTER! (enough said)

BAKIT KO NAMAN GAGAWIN YUN?!

Shh! Yes...

hoes

Shorts

Isa kang tenant ng JSEC. Yes? Yes. Wag mo nang i-deny.

Bumalik ka na nga sa dorm mo. Curfew time na.

Umuwi ka na. Stressed ka lang. Kailangan mo ng kape. Overworked 'tenista.

Kebabrz, Patuloy ang Pag-Akyat sa Merkado

ni Bhe Ngbuhaymoh; sining ni Sweet Caroline

Umakyat na sa 90% ang market share ng Kebabrz sa industriya ng fastfood at restaurants nitong buwan ng Oktubre 2014. Bunga nito, isang press conference ang ginanap sa Xang Ni-La Hotel sa Lungsod Makati nitong ika-20 ng Nobyembre.

Ayon sa naganap na press conference, kabilang din ang mga sumusunod na kainan sa iilang nangunguna sa pagkakaroon ng malalaking market share sa larangan ng mga kainan sa Pilipinas: Jalibi (3%), Makdoh (3%), at Keyepsi (3%). Ang natitirang 1% ay pinaghahatian na ng lahat ng iba pang kainan sa bansa/ Sa lahat naman ng mga Kebabrz branch, nangunguna raw ang Katypunan branch sa pagkakaroon ng malaking ambag sa naturang market share.

Ayon kay Anchor Tis, chief executive officer ng kompanya ng Kebabrz, "Iyong market share kasi, 'yan 'yung dami ng porsyentong nasasakop sa merkado ng isang entity. Natutuwa lang ako na sobrang taas ng market share namin these past few months. Nakaka-overwhelm!"

"Nagbuhos talaga ng effort ang aming mga manggagawa, pinahahalagahan namin iyon dahil kung wala sila, hindi rin naman talaga magiging matagumpay ang patuloy naming pag-akyat sa merkado," dagdag pa ni Tis nang tanungin ng press kung bakit sa tingin niya'y nagkaroon ng malaking pag-akyat ang bahagdan ng market share nila.
"Actually, teka, isa pa palang lumalabas na malaking factor sa pagtaas ng market share namin ang publicity na ginawa para sa amin ng Band-Aidz, isang publikasyon sa Arrenow. Kaya sa tingin ko rin, tumaas talaga ang contribution ng Katypunan branch namin," dagdag pa ni Tis bilang sagot sa tanong ng press.


Matatandaang bago umakyat sa merkado ang market share ng Kebabrz, naglabas ng video ng food review tungkol sa Kebabrz ang Band-Aidz, ang online na magasin ng The Guy-doon, na siya namang opisyal na pahayagan ng Pamantasang Arreneow de Manila. Sa naturang video, nagbigay ng sari-saring opinyon ang ilang miyembro ng Band-Aidz tungkol sa mga pagkaing inihahain ng Kebabrz. Dahil sa kakaibang paraan nila ng pagpuri sa iba't ibang laman ng menu, kumalat sa social media ang nasabing video at talaga namang nagustuhan ito ng mga Artenista. Bunga nito, nagsimulang dumugin gabi-gabi ang Kebabrz Katyp.

Ayon pa kay Tis, "Publicity ang ginawa nila para sa amin kasi alam naman nating maraming sumusubaybay sa ginagawa ng mga Atenista, big school eh, malaki ang tsansang maraming nakapanood nung video na inilabas nila."

"Bilang CEO ng Kebabrz, wala malaki talaga ang pasasalamat namin sa pagtulong na ginawa nila sa kumpanyang pinaghirapang palaguin ng pamilya ko," wika ni Tis.

"Dumami siguro ang mga kustomer namin kasi pagkatapos panoorin 'yung video, marami ang ginustong malaman kung totoo nga ba 'yung mga sinabi ng Band-Aidz," ani Tis. "'Yong iba siguro naawa, natuwa, nagsawa sa iba, o kung ano pa man. May iba-iba naman talagang panlasa ang mga tao ukol sa pagkain."

Dagdag pang biro ni Tis, "Parang sa pagkakaroon lang 'yan ng crush e, may kanya-kanyang panlasa ang mga tao. Kung hindi mo trip ang mukha o ugali ng isang tao, huwag. Kung hindi mo gusto ang ipinaglalaban niya, huwag. Kung sa tingin mo, hindi siya makabubuti para sa iyo, huwag. Kaysa naman sa huli, paulit-ulit kang magsisisi, gugustuhin mo ba iyon? Hindi naman siguro, kaya sa huli, huwag kung huwag, oo kung oo."



Ayon naman kay Piolopa Squall, chief executive officer ng Jalibi, "Kailangan naming bumawi! Nagpapasalamat din kami sa patuloy na pagsuporta ng mga tao sa Jalibi." "Sa Band-Aidz Magazine, baka naman pwede niyo rin kaming gawan ng food review? Okay lang din kung mas mahaba 'yung video kaysa sa ginawa niyo dun sa kalaban namin, hindi kami aangal basta may publicity," pahabol namang biro ni Squall.

Dumalo rin sa presscon ang isang kinatawan ng Band-Aidz. Ayon kay Mima Ruffa (alyas lamang), natutuwa naman daw sila at nakatulong sila sa pagtaas ng market share ng Kebabrz. Isang karangalan daw ang maging bahagi ng dahilan ng pag-akyat sa merkado ng Kebabrz bunga ng ginawa nilang video. "I had no idea that it was gonna be viral! We were only being honest in what we thought of the food. Wala naman kaming idea na that would actually help Kebabrz in a really good way. Congratulations to them! For us naman, I think we would try to do more videos like that if it would help others," sabi ni Ruffa.

Bilang pagtatapos naman sa press conference, narito ang huling mga wika ni Tis, "Salamat sa avid supporters ng Kebabrz, sana hindi kayo magsawa! Salamat sa Band-Aidz! Sa mga batang lansangan na pinapakain namin ng leftovers sa gabi, hindi rin kami magsasawang tumulong. Mabuhay ang Kebabrz!"

CNNN of the Philippines, Nag-Champion... Masa, Tumalino

ni Obama Selph; sining ni Sweet Caroline

MANILA, PHILIPPINES – Sa inilabas na Television Quarterly Ratings ng BS Neilsen, nanguna ang CNNN of the Philippines sa pinapanood na news channel sa Pilipinas.

Umabot sa 69% ang viewer ratings ng nasabing TV channel kumpara sa tagsasampung porsyentong nakuha ng GME 7 News, ANX 2, at TV55.

Mag-iisang taon pa lamang ang news channel sa bansa ngunit binabago na nito ang pamamaraan ng pagbabalita.
"I like how they are straight in everything. They're not afraid to expose anyone!"

Ito ang reaksiyon ni Aman Patuan, isa sa pinakakinatatakutang news critic sa bansa. Kumpara daw sa ibang channel, halatang-halata na walang kinikilingan, walang pinoprotektahan, walang kasinugalingan at puro serbisyong totoo lamang ang CNNN.

Inimbitahan naman ni Patuan ang channel na pumunta at makita ang Maguindanao.

"Na-eexcite na ako para sa kanilang Election coverage. Kailangan nilang makita how we do it for the people like them."

Brand New Journalism

Ani Korina Cooper, may-ari ng CNNN, "[the channel] didn't expect to receive a chair turn among our viewers. We know the Philippines needs us since the disaster in Tacloban happened but we lay low after that." Sa kasalukuyan, nagsisilipatan na ang mga kilalang personalidad ng pagbabalita sa CNNN. Kasama dito sina Mic Enriquez, Mel Tiyanko, Krung-krung Sanchez, Fed Tailon, at pati na rin si Lonlie De Castro.

Dagdag ni Cooper,"Kailangan namin ng trust ng tao kaya't we make sure we bring them the same faces since time immemorial." Nagsisimula na ring kunin ng news channel ang mga artistang sila Clau at Grey Barrettow, Marie Rivera, Rufo's Gutierrez, at kahit si Ma'am Charing Santos ng MKK para magreport sa field. Napag-alaman kasi ng network na mas tumataas ang ratings kung naglalagay daw ng artista na marunong magkuwento ng kanilang buhay sa TV.

"At the end of the day, it's all about them naman. So, we know this is the only way for the best journalism."

Si Cris Aquino na lamang daw ang kulang sa kanilang line-up ng reporter. Ayon naman sa inside source sa BS-CBN, mahirap daw ito makuha dahil halos ayaw bitawan ng network. Tinatapatan daw kaagad ng bilyones ang kontratang na iniaalok ng CNNN.

Balitang Pangmasa

Sa inilabas na survey ng Pulse Centered in Manila, lumabas na biglaang tumaas ang IQ ng masang Pilipino na nanunuod ng CNNN of the Philippines. Pinuri ito kamakailan ni Penoy sa kaniyang State of the Marginalized Address.

"Pasalamatan naman natin ang CNNN sa pagdala ng pagbabalitang nagpapatalino sa masang Pilipino. Sila ang nagdadala ng sagot sa kahirapan ng bansa."

Gayunpaman, nakita sa survey na hindi natutulungan ang 1% ang mga Pilipinong walang TV. Kung kaya't ipinanukala ni Penoy na bigyan ng isang TV ang bawat isang mahirap na pamilya sa bansa.

"Ang tuwid na daan ay makakamtan kung nanonood ng TV ang mga Pilipino. Dapat magkaroon sila ng distraction para hindi nila maramdaman na naghihirap sila."

Suportado naman ito ng mga personalidad sa Tongreso tulad nina Lucy, Manny Pakyaw, Bongbong Revilles, at marami pang iba.

"It is a major improvement of the journalism in the Philippines," positibong pahayag ni Pangulong Moymoy pagkatapos ng kaniyang SOMA.

MOOD METER | COMMENTS

3%
2%
61% HAPPY
3%
2%
5%
3%
21% INSPIRED

THIS ARTICLE MAKES PEOPLE HAPPY

HOW DID THIS STORY MAKE YOU FEEL?

Happy	Sad	Angry	Don't Care
Inspired	Afraid	Amused	Annoyed

#WEEPIT

BEATS BY ADA

Ang proyektong #WeepIt ng Tanganglawin ay isang koleksiyon ng mga kuwento at saloobin tungkol sa mga isyung kinahaharap ng marhinalisado sa lipunan ngayon. Gayunpaman, sa tulong ng Pang-teen, tutulungan natin silang umangat sa kanilang paghihirap at hikayating magpatuloy sa buhay sa kabila ng kritisismo. Kilalanin natin ngayon ang mga miyembro ng LGBTQQIP2SA (Lesbian, Gay, Bisexual, Trans, Questioning, Queer, Intersex, Pansexual, Two Spirited at Asexual) community.

LESVIANEHST

Tinatawag kaming tomboy, tibs at t-bird. Lagi raw kaming naka-piercing, may kakaibang hairstyle at naka-grunge outfit. Nagpapanggap daw na lalaki, pero 'di naman totoo. Sa totoo lang, hindi mo pa tanggap 'teh? We live in the modern world. Huli ka na sa balita.

"Malay mo, mas maganda pa kami sa girlfriend mo."

BI-SEXUAL

Para sa iba, isa lamang daw phase sa buhay ang pagiging bisexual. Confused daw kami sa aming seksuwalidad dahil hindi kami makapili kung lalaki ba o babae ang aming gusto sa buhay.

"'Wag ka nang mag-alala sa'kin, hindi naman kita type."

QUEER

Weirda daw kami.Walang identidad. Walang kahihiyan. Hindi naman kasi importanteng ma-label.

"Error 404. Paki not found."

GAYZ

Malamya, mahina, parlorista, barubal—ilan lamang 'yan sa mga ibig sabihin ng mga tao sa tuwing ginagamit nila ang salitang "bakla." Sa sobrang negatibo nang pagbanggit sa salitang iyon, pilit na ibinababa ang halaga namin sa lipunan. Ugh.

"Sa susunod na tatawagin akong bakla, lilingon ako at sasagot, 'Alam ko, and I'm fabulous!'"

TRANSZGHENDER

"'Cross-dressers' at 'draq queens' daw kami. High heels, dress ang laman ng aming aparador, sabi ng iba. May topak daw kami sa utak dahil iniisip naming ipinanganak kami sa maling katawan. Nagiging paksa kami ng katatawanan, kahihiyan at kamuhian.

"Say whatever you want to say, 'cause we werq it better than you do!"

#WEEPIT – Isang hamon para sa sinomang naiirita na sa kung ano-anong label na ibinibigay ng lipunan sa bawat tao na labanan ang sterotype. Pawiin ang luha, tumayo at ipakilala ang sarili sa paraang tanging ikaw lang ang makagagawa!

Abangan ang iba pang resulta ng aming mga survey at diskusyon ukol sa isyung ito. Makisali at gamitin ang #WeepIt sa Facebook, Twitter, Tumblr, Plurk, Multiply, Friendster, Google, Yahoo!, at iba pa. -Tanganglawin

The Tanganglawin 2014 STUFFS BOX

Punong Tanga
Chupalpalerang Charaughtera
Kakatwang Tanga
Sinagtala
Nakaaasiwang Tanga at Patnugot ng Lapangan
Pope Corn
Tagapagpanday ng mga Tanga
Obama Selph
Tagapag-project ng Feelings
Bhe Ngbuhaymoh
Patnugot ng Sulutan at Kaliskisan
Cam Bing Ann
Patnugot ng Siping
Benadryl Cabbagepatch
Patnugot ng Supot na May Laman
ADA
Pangkalahatang Tanga
Lou Tang
Tangang Yaman
Doctor Outoflove

Mga Nagoyong Tanga
Andito Aketch, Africanang Chinese, Akin ang Al-Qaeda, Bebe Quoh, Belgian Waffle, Benzayb, Binalatang Patatas, Blue Bubble, Fancy Pinay, Huseng Silang, Joaquin Kanalang, Jace Parousia, Kadiliman, Maalam, Melesa Rex, Miko Sinongmotor, Niknik Matinik, Pope Oy, Prangkong Ngongo, Press Nine, Prinsipe ChupaChupeh, Red Dy, Salitang Kalye, Sweet Caroline, Yosi King

MMFF, Indie Films at Kano Films: Isang Pagsusuri ng Pelikulang Filipino sa Kasalukuyan Ni Binalatang Patatas

ni Binalatang Patatas

MANILA, PHILIPPINES –
Hindi na maikakailang napakayabong at napakasigla ng industriyang pampelikula sa Pilipinas. Sa bawat commercial break, kung hindi ipapalabas ang makamandag na kagwapuhan ni Raniel Padilla kasama ang masarap na spaghetti o anopaman, tiyak na may kapalit itong patikim o treyler sa pinakabagong pelikula ng Stars Cinema o kaya ng Real Films. Siyempre, hindi mawawala sa mga pang-enganyong iyan ang kuha ng di-umanong milya-milyang pila ng mga bruhang nagtitilian at ang mga katagang "BLOCKBUSTER HIT! NOW ON ITS ___ WEEK!" Patunay lamang ang mga ito na sa kabila ng mga kahirapan, kalaswaan, at kahibangang dinaranas ng mga Pilipino, handa silang magbayad upang mapanood na naghihirap, naglalaplapan, at nalilibang ang mga iniidolo nila.

Subalit pinakamalaking katibayan marahil dito ang milyon-milyong tinatabo sa takilya ng Most of Manila Film Festival (MMFF). Bilang proyekto ng MMDA (Most of Manila Directions Authority), layunin ng MMFF na kilalanin ang halaga ng industriyang pampelikula para sa ating bansa. Pagsapit ng Pasko ng bawat taon, may pito hanggang siyam na lokal na pelikula lamang ang ipinapalabas sa lahat ng sinehan sa bansa dahil sa pagtatanghal nito ng kuwentong Filipino.
Sa mga ipinalabas ng MMFF noong 2013, pinakapumatok sa masa ang Girl, Boy, Bakla, Tomboy, Butiki, Baboy ni President Ganda. Maraming Pilipino nga naman ang hinalakhakan na lamang ang suliraning pampamilya at sakit sa atay ng mga bida. Natuwa rin ang LGBT community dahil sa wakas ay napagbigyan na ang hinihingi nitong patas at makatarungang representasyon sa mass media. Siyempre, umani ng mga papuri ang direktor ng pelikula na si Wendy Dramas dahil sa bago na naman niyang naiambag sa larangan ng komedya at sa patuloy niyang pagpapayabong sa industriya ng mga makikinang at malabituing sine.

Pumangalawa naman kay President Ganda ang kasindaldal din niyang si Khrissy Aqui-Know na bumida sa My Belittled Bossings. Malugod na tinangkilik ng marami ang Pilipino bilang isang detalyadong pagtatanghal ng kuwento ng ordinaryong Pilipino. Kahit ang mga pang-araw-araw lamang na produktong nakasanayan na ng mga Pinoy (tulad ng Arielle Detergent, Solnux, at Lucky U! Pancit Canton) ay nagawang bigyan ng sapat ng pansin ng pelikula sa kabila ng madamdaming pananalaysay nito ng kuwento ng mag-amang nagkakalabuan, ng batang anak-mayaman, at ng palaboy raw na sinlusog naman ng bank account ni Khrisy.

Hindi lamang labanan sa takilya ang MMFF sapagkat nagbibigay rin ng parangal ang nasabing film festival para sa mga mahuhusay na pelikula. Noong nakaraang taon ay nagwagi sa ilalim ng kategoryang Best Film at Best Actor ang 10,000,000 Hours ni Batman Padilla kung saan gumanap siya bilang isang senador na piniling magtago sa halip na mabaldado sa wheelchair bago siya hulihin ng batas. Samantala, lutang sa kalungkutan ang Pasko ng Laguna noong 2013 dahil Best Float lang ang napanalunan ng Boy Glow-den ni E.R. Ehersisyo. Sa pagkadismaya ng gobernador, umapela siyang dagdagan ng Suki Award ang mga parangal. Kasama niyang nanawagan sina Vice Sotho at Khrissy Aqui-know na pareho ring hiniling na magdagdag ng isang Most Creative Product Placement na premyo.

Bukod sa MMFF, nagiging matunog na rin sa larangan ng industriyang pampelikula ng Pilipinas ang Sinemalayo Philippine Independent Film Festival na naglalayon namang bigyang-pansin ang mga gumagawa ng pelikulang indie. Sa kasamaang palad, iba ang pagtanggap ng madlang pipol sa mga pelikulang kalahok sa Sinemalayo. Kakarampot lamang lagi ang kinikita ng mga pelikulang ito, hindi pinipilahan ng mga tumitiling bruha, at hindi nakakasabayan si Daniel Padilla sa mga commercial break.

Aminado naman ang pamunuan ng Sinemalayo Foundation Inc. na may double standard sa pagtingin ng mga Pinoy sa indie films at sa mga "pangkaraniwang" pelikula. Ayos sa mga pag-aaral, hindi alam ng nakararami ang kahulugan ng salitang "indie" kaya iniisip na lamang nilang tungkol sa mga Bumbay ang mga independent film at iniiwasan ang mga ito. Upang tugunan ang suliraning ito, napagpasyahan ng kumpanya na tawagin na lamang na "kano films" ang mga ito bilang sagisag naman ng kalayaan ang mga Kano at mas makaaakit ang ganitong bansag sa mga tumitiling bruha.

Sang-ayon naman sa ganitong pagbabago si Nora Amor na nasungkit ang Best Actress sa Sinemalayo para sa taong ito. Aniya, "Himala lang ang makapagsasalba sa kinikita ng mga indie films. Pero walang himala! Ang himala ay nasa puso ng tao! At ang puso ng tao ay nasa mga Pilipinong sumasali sa mga singing competition sa America! Himala lang ang magliligtas sa mga pelikulang Filipino!"

KOMIKS

#DEADBALAGTAS

Mayo, 1890
Dagupan

Tamis,

Itinakda ako ipakasal ng aking mga magulang kay G. Henry Kipping sa Hunyo. Paalam, sinta, at salamat

Nagmamahal nang tunay,
ang iyong
Leonor R.
















Nagpapasalamat ang Tanganglawin kay Bb. Emiliana Kampilan ng Dead Balagtas, isang koleksiyon ng mga makasaysayang komiks, para sa strip na ito. Matatagpuan ang iba pa niyang mga likha sa https://www.facebook.com/DeadBalagtas, http://deadbalagtas.tumblr.com, at http://deadbalagtas.wordpress.com.

HORRORSCOPE

ni ADA the ATM Diva; sining ni ABC Lover

Nais mo bang malaman ang iyong kapalaran sa pag-ibig, pera o pamilya? Parating na ang 2015—ang Year of the Wood Sheep—kung kaya't sa pamamagitan ng aming tsarot cards at ang mga gabay nating bituing walang ningning, narito ang fearless forecast ng iyong horrorscope mula sa Tanganglawin ngayong araw na ito.



YEAR OF THE SNAKE

Suwerte ka sa 2015 dahil sa wakas makakakuha ka na ng venue sa OAS para sa org mo.
Lucky number: 0 (Bilang ng Segundo bago maaprubahan ang reservation form mo.)
Lucky color: ketchup red



YEAR OF THE RAT

Huwag mong hayaang lumayo na siyang tuluyan. Magpalit ka na raw kasi ng deodorant.
Lucky number: 79.99 (Presyo ng deodorant ngayon.)
Lucky color: mayonnaise white




YEAR OF THE HORSE

Para sa kababaihan: may makikita kang hiwaga sa SEC B 101.
Para sa kalalakihan: may makikita kang hiwaga sa SEC B 102.
Lucky number: 69 ('lam na.)
Lucky color: dilaw na pinya



YEAR OF THE ROOSTER

Ang katotohanan ang siyang magpapalaya sa'yo ngayong taon.Pangit ka. Ayan, malaya ka na.
Lucky number: 666 (Malas mo.)
Lucky color: hilaw-na-mangga green



YEAR OF THE DOG

Iwasang magsuot ng violet shirt, baka mapagkamalan kang Barney. Iwasan ding sumama sa naka-green shirt, baka mapagkamalan kayong Barney and friends.
Lucky number: 8
Lucky color: purple talong



YEAR OF THE RAM

Huwag masyadong maging mayabang. Nahiya naman ang Eiffel Tower sa taas ng pride mo!
Lucky number: 1
Lucky color: fire orange




YEAR OF THE RABBIT

Magiging artistahin ka dahil mapapanood ka na sa TV! Dadami na ang fans mo dahil sa pagkaka-feature mo sa Animal Planet.
Lucky number: 2015
Lucky color: pink monay



YEAR OF THE TIGER

Panahon na upang umamin na isa kang fan ng Chicser, 143 at ni Daniel Padilla (at memorized mo ang mga kanta ni Jessa Zaragosa).
Lucky number: 143
Lucky color: fuchsia (Ito po ang tamang spelling.)



YEAR OF THE PIG

Sa anomang hamon na darating sa'yo, 'wag kang bibitiw; baka lumipad na naman kasi ang MRT habang nagko-commute ka.
Lucky number: 50
Lucky color: (condensada at evaporada) carnation pink




YEAR OF THE DRAGON

Huwag mong ipahiram ang cellphone mo kung may hihingi sa'yo nito. Magpapa-load lang 'yun sa'yo.
Lucky number: SEND15<space>09001234567
Lucky color: Nognog black



YEAR OF THE SHEEP

Kasama mo sa kuwarto ngayon ang magiging dyowa mo in the future. (Uy, lumingon siya.)
Lucky number: 7
Lucky color: patatas-ni-Sarah brown



YEAR OF THE MONKEY

Huwag nang magpagod sa kakahabol sa inaasam mong lalaki, dahil lalaki din ang habol niya.
Lucky number: 6/55 (Sa Lotto ka na lang susuwertihin.)
Lucky color: cotton candy pink



#NAKEDTRUTH

mga kuha nina: Red Dy at Belgian Waffle

Sa lipunang magulo, maingay, mabilis ang buhay, nagagawa mo pa bang panandaliang tumigil, tumingin, at makinig sa katotohanang ibinubulong ng hangin? Inihahandog ng Tanganglawin ang #NakedTruth, isang pagpapakilala sa mga hubad na katotohanan ukol sa lipunang ating ginagalawan.





Arreneow, Hindi Magsususpinde ng Klase; PAASA, Magbabago ng Sistema

ni ADA the ATM Diva

LOYOLO SCHOOLS – Inanunsyo ni Vice Pogi Vuhrguhra na hindi magsususpinde ng klase sa pamantasan sa kabila ng bagyong “Tseekser” na inaasahang tatama sa bansa ngayong linggo. Pagkatapos ng ilang ulit na maling pag-uulat tungkol sa panahon sa bansa, hindi na raw magtitiwala sa PArati na lang ASa ng Asa (PAASA) ang Arreneow pagdating sa nasabing isyu.

“Masakit umasa sa kanila kung parati silang ganyan,” banggit ni Vice Pogi sa artikulo sa opisyal na website ng Arreneow. “Hanggang kailan tayo magtitiis sa isang bagay na hindi naman totoo ang sinasabi?”

Dagdag pa rito, hindng hindi na rin daw muna magtitiwala ang pamantasan sa nakaupo sa lokal na gobyerno na si Mayor Biztake pagkatapos nitong bawiin ang suspensiyon noong nakaraang magkabagyo.

Bilang paghahanda sa paparating na bagyo, inaasahan ang lahat ng estudyanteng magdala ng “Anti-Tseekser Kit” na may lamang kapote, payong, ekstrang damit at Tseekser poster upang gawing tarp kapag lilipat ng building.“Kakaiba ang kamandag nitong bagyo kaya naman hindi natin hahayaang mapunta sila sa peligro, diba?” pagpapatuloy ni Vice Pogi. Kasalukuyan namang nakikipag-ugnayan ang Sanggo Gulaman para gawing parking ang Bel field para sa mga may yate.

Inako naman ng PAASA ang pagkakamali sa kanilang pag-uulat nitong nakaraang linggo magiging mahina raw ang “Tseekser” kapag nakapasok na ito sa Area of Responsibility sapagkat kabaligtaran ang mangyayari. Bilang pagbabago sa kanilang sistema, babaguhin daw nila ang pag-uulat ng panahon. Para hindi na raw magkalituhan sa ibig sabihin ng tropical storm, typhoon, storm surge, atbp., magkakaroon na ng apat na simpleng klasipikasyon ng bagyo: 1) water sprinkler, 2) ambon-ish, 3) mamasa-masa at 4) cats and dogs.

Babaguhin na rin daw nila ang pangalan ng mga bagyo para sa susunod na taon. Ilan sa mga binanggit na pangalan ay “CatKneel” at “DyaDean.”

Blue Bubble Battalion...

mula sa pahina 12

Sa pagtatapos ng programa ng Bonfire, nangako naman si Pader Diyeta ng mas maiging suporta para sa Bubble.

“Tinawagan ko na lahat ng iba pang malls sa bansa… Robin and Sons, Ah-Yala, lahat… liban sa ShM. Nangako sila ng mas maraming pondo at suporta para sa ating Blue Bubble Battalion,” ang panimula ng talumpati ng presidente.

“Next year, magiging masaya na tayo. Parang ‘yong kampeon lang ngayon… ‘1, 2, 3… happy to serve, yes!”

Nagtapos ang bonfire sa palabas ng mga paputok. Kasabay nito ang pag-asang sisilay sana para sa Blue Bubble Battalion: mas maraming recruits, mas maiging suporta mula sa buong komunidad ng Arreneow.

ShM Malls, Magkakaroon...

mula sa pahina 12

UA2P nitong Disyembre.

Maraming dalubhasa sa Feng Shui ang pumupuri sa ganitong pagtatangka ng ShM, at napagtanto rin nila ang kalikasan ng swerte sa NU.

“Pa-bilog ang mukha ng balldog kaya maswerte,” ani Madame Cassandra Lee, na sampung taon nang nag-aaral ng Feng Shui. Binigyang-puna rin ni Lee ang mga kinalalagyan ng mga mall na sabay-sabay nagsale. Swerte rin daw ang pagsale ng patatsulok.

Isang masaganang taon ang nalalapit, aniya, para sa Balldogs dahil masuwerte ang Dog sa year of the horse itong taon, at gayundin sa year of the sheep sa susunod, habang malas naman sa pareho ang Ox. May kahirapan, ayon kay Lee, ang FEU Tamaraws sa taong ito.

Ganito man ang papuring nakakamit ng the good guys, marami pa ring diShMayado sa resulta ng UA2P Men’s Basketball ngayong season, partikular na sa Arreneow.

“That was totally kaya,” puna ng isang Artenista ukol sa pagkatalo ng Arreneow sa NU. “I had a low grade tuloy in my class because of it.”

Ngunit nasa mga miyembro talaga ng mga kagawaran ng unibersidad ang tunggalian tungkol sa isyu simula pa noong 2008, nang unang namirata ng mga guro’t propesor sa Arreneow ang NU. “That’s not what I had in mind when I wanted to be a man for other peoples,” ika ng isang gurong binisita ng isang grupo mula sa ShM sa kanyang opisina dala-dala ang maraming pulang sobre ng pera, “I mean, I could go there, perhaps, for immersion and delivering relief goods but Arreneow is the school we choose.”

Kitang buhay na buhay ang fabilio spirit kahit sa labas ng arena. Siguradong makakaasa tayo ng isang mainit na season 78 lalo na sa nahintong crusada ng UW upang tanggalin ang mga imports sa laro.

Matagal nang isyu ang pagsama ng mga imports sa ano mang liga. “Ang mananalo lang diyan ‘yong maraming ang pao,” hikayat ng Electric Crimson Warriors tungkol sa isyu, ngunit tila mananatili ang dating gawi sa 78. “How do we level the field?”

Para sa NU na i-level na nga ang laro sa pagbaba sa kanila ng kanilang ‘buddha’ noong 2008. Taon naman daw nila ngayon. Mula kay Lucy Tang sa UW hanggang kay MV Pinanggalingan sa Arreneow, may kanya-kanyang santo ang mga unibersidad sa liga. “Magbobonfire kami araw-araw sa panahon namin,” sabad naman ng Unibersidad ng Feelipinas.

BACK-TO-BACK:

Blue Bubble Battalion, umukit ng kasaysayan sa U2AP-CDC; Bonfire, agad na idinaos

ni Pope Corn

KATIPUNAN, QUIZON CITY – Nasungkit ng Arreneow Blue Bubble Battalion ang ikalawang korona nito bilang huli sa listahan sa nagdaang UA2P (University Athletics 2015 in the Philippines)-Cheerdance Competition noong Setyembre 14 sa Ara Meta Coliseum.

Naghanda ang "defending champions" ng isang navy-themed routine na bagama't maayos ang paglangoy sa simula ay hindi rin naiwasang lumubog sa bandang gitna at huli matapos ang ilang pagbagsak sa mga pyramid stunts nito.

Ikinatuwa pa rin naman ito ng ilang fans mula sa iba pang unibersidad, na siya namang umokupa sa iilang upuang para sana sa mga Artenista. Nagtapos ang Blue Bubble Battalion sa markang 494.5 points, hindi nalalayo sa University of the West Pep Squawks, ang mahigpit nitong katunggali sa korona na may 503 points.

"Super blessed talaga kami," pahayag ng team captain ng Blue Bubble Battalion na si Bumblebee, na sobra ang kagalakan sa naiuwing korona. "Sabi nga nila, 'win or lose, it's the school we choose'… sa Tagalog, 'manalo, matalo, cute pa rin kami!"

"Ang mahalaga, nag-enjoy kami. Baguhan naman kasi ang karamihan sa amin sa isports na ito at dalawang buwan lang ang naging practice namin. Simula pa lamang ito, at babalik kami na mas malakas," seryosong dagdag pa niya.

Kaugnay nito, agad na nagdaos ang Arreneow ng Bonfire upang ipagdiwang ang kasaysayan na ito.

Pumalo sa limampung Artenista ang dumalo sa nasabing bonfire, na nakunan naman ng Tanganglawin ng samu't saring reaksyon hinggil sa back-to-back champs.

"I can't say anything 'coz I'm not supposed to be here talaga. Actually napadaan lang ako, papunta talaga ako ng Irwin. I have to support my org pa para sa Ar-Ay-Bee Finals," sambit ng isang sophomore na kompleto sa tarpaulin at iba pang props bilang suporta sa kanyang home org.

"N@nd2 daw po si Dan1el P@d1ll@?! Siya lang talaga ang pinunta ko dito! Sana pati si K@Thryn d1n!" bahagi naman ng isang freshie na di pa maka-getover sa high school days at pinili na lamang na hindi magpakilala.

"Oh em, I'd like to congratulate the Blue Bubble Battalion! I heard their Michael Jackson routine was so awesome daw, at may kasama pa silang Moonwalk!", sabi naman ng isang alumnus mula Batch 2009 na hindi pa rin makaalis sa nakaraan.

Sa kabila ng ilan na tila walang alam sa kasaysayan ng ginawa ng Blue Bubble, o hindi man lamang nagpapakita ng suporta sa squad na nagpakita ng puso sa lahat ng laro ng iba pang teams, may iba naman na tiwala pa rin sa kanila.

"I admire the Blue Bubble Battalion for giving their best. I know they can be better. This year's routine was so much better than last year. In time, they'll get there, unti-unti lang," sabi ng isang die-hard Blue Bubble Battalion fan.

Mani Puckyow, Kinarir Pati PBA

ni Prangkong Ngongo; sining ni Fancy Pinay

Mula sa pagiging eight-division world champion sa boxing, congressman ng Sarangani (na madalas absent sa Tongreso), endorser na nakikipagsabayan kay Khrissy Aqui-know, at recording artist na namimigay ng sariling album, pinakyaw na nga ni Puck-Mahn maging ang paglalaro ng basketball.

Ipinakilala si Mani bilang coach ng bagong team na KIA Sarrehntuh noong Abril, na medyo gumawa ng ingay sa bansa. Noong Setyembre, napasuntok ang Pipol's Chomp sa ere nang maidraft para maglaro sa parehong team, bagay na na-sense na ng Pee-Bee-Eyy supporters. "I'm very happy, you know," ang tanging nasabi ni Mani nang kunin ang kanyang pahayag. OA naman sa saya ang kanyang inang si Mommeh Dee. "Isang katuparan ng drehm para sa'king Mani ang maging pliying kots sa Pee-Bee-Eeh. Marami talagang alam yan si Mani. Dyak op ol trids, ba?" sigaw ng hingal na hingal na si Mommeh Dee. "Pwidi na rin ako maging muse. Pwidi, piro dipindi," dagdag pa ni Mommeh Dee na napagpiliang maging muse ngunit ang ganda ng asawa ni Mani na si Dyinkeeh ang mas nag-shine.

Si Mani ang pinakamatandang rookie ngayong taon sa labanan ng iba't ibang brand ng pagkain, inumin, alak, pabango, sasakyan, pati na expressway. Sa taas na 5'6, willing na willing si Mani na makipag-bangbang all over sa mga higante ng Pee-Bee-Eyy.

Naganap sa Biñan, Laguna ang pre-season debut ni Mani at ng KIA Sarrehntuh, laban sa isa ring expansion team na Bluckwuhturr Spurts noong October 5. Sa loob ng 10 minutong naglaro ang Pipol's Chomp, nagawa niyang makapagbigay ng 1 point sa team. Palusot ng mga tagasuporta ni Mani sa



kulelat na performance, may pinaghahandaan siyang laban ng boxing sa Nobyembre kontra Aljejeri, dahilan para i-search ng marami ang video ng basketball game para kumpirmahin ang tsismis na may suot diumano si Mani na boxing gloves habang naglalaro sa court. Nagwagi ang Bluckwuhturr sa pagtatapos ng laro, 88-77. Proud na proud ang isang fan ni Mani habang papalabas sa venue, "Kung wala si Puck-Mahn, 76 lang dapat ang KIA. Galing ni idol!"

Sa pagsisimula naman ng legit na season ng Pee-Bee-Eyy noong Oktubre 19, face-to-face muli ang dalawang koponan sa pinaka-big, pinaka-sossy, at pinaka-expensive arena sa Pilipinas na matatagpuan sa Bulacan. Naglaro sa court si Puckyow sa loob lamang ng 6:46 minutes, dahilan para ma-BV ang ilang manonood. "Gumora kami for Mani. Bet namin si Mani sa court," sigaw ng marami. Nawala ang pagka-BV ng mga ito nang magawang manalo ng KIA Sarrehntuh, 80-66 sa pangunguna ni LA Reveal-yah. Mula sa 1 point sa unang laro, hindi macount ang nacontribute ni Mani sa team dahil wala namang mabilang. Bokya. Itlog. Nganga. Say ni Mani, papalapit na raw ang laban nila ni Aljejeri, baka ma-injure. Sagot ng ilan, "Push pa more, Mani!"

May ilang hindi agree sa pagpakyaw ni Mani sa isa na namang career. "Focus ka nalang sa Congress, bruh. We mith you na," natatawang sinabi ng isang congressman na ayaw ipaalam ang identidad. May ilan ring wala lang paki. "Whatever," ang sagot ng takatak boy along EDSA na hininging 'wag ring ikalat ang kanyang iniingatang identidad. Gayunpaman, marami ang todo-suporta kay Mani. Unang-una rito ay walang iba kundi ang asawang si Dyinkeeh Puckyow. "Mani plays his balls very well," giit ni Dyinkeeh na medyo kinikilig sa tabi ng asawa. Dagdag pa niya, "May lima na kaming anak," sabay hawak sa pawisang Mani. Kung bakit niya 'yon idinagdag, hindi natin alam.

Inaabangan ng marami ang susunod na kakaririn ni Mani Puckyow. Subalit, sigaw ng marami, "Pull na, Mani."

ShM Malls, Magkakaroon ng Sale sa Disyembre para sa Season 78

ni Huseng Silang; sining ni Fancy Pinay

MAYNILA, FEELIPEENS—Mula sa kanilang panalo sa ligang naganap sa UA2P (University Athletics 2014 in the Philippines) Men's Basketball Season 77, walang hindi gagawin ang pinakamalaking stock holder ng Natural University (NU) na si Henry See upang mapanatili ang kanilang titulo. Hindi naman pahuhuli ang ShM (Shine Malls), ang pinakamalaking linya ng mga mall sa bansa na pag-aari din ni See, sa pakikibahagi sa selebrasyon.

Nagkaroon din ng sale ang mga karatig na mall ng NU sa kalyeng Loren noong unang binili ito ng pamilyang See noong 2008. Maraming inilatag na plano ang pamilya para sa pagpapalaki ng unibersidad: mga bagong programa, ShM mezzanine, ShM^2 (Student's Mall,) at ang kanilang tinaguriang pinakamalawak na LS (Legarda Schools) bookstore sa loob ng kanilang campus kung saan ilalagay ang lahat ng NU Balldogs merchandise.

"We hope for the school to be competitive again," ika ni See, isang puntong lalong naikintal sa marami noong nakamit ng Balldogs ang kampeonado't lalong lalo na noong nagkaroon ng 3-Day Sale sa tatlong ShM sa Manila, San Lazaro't Sta. Mesa.

Nais ipagpatuloy ng ShM ang daloy ng swerte sa NU kung kaya't magkakaroon na naman ng 3-day sale sa ShM Quiapo, ShM Megamall at ShM Cubao sa pagbubukas ng

